The Cooperative Office For Call & Guidance
at Al-Olaya, Sulaimaniah & North Riyadh

Under The Supervision of
Ministry of Islamic Affairs,
Endowment, Call & Guidance

Pilipino
(Tagalog)

# ANG KABILANG BUHAY

Tel.: 4704466 - 4705222 Fax : 4705094
P. O. Box : 87913 Riyadh : 11652
Kingdom of Saudi Arabia
E-Mail : dawa_nr@hotmail.com

# ANG
# KABILANG BUHAY

# MGA NILALAMAN


| | | |
|---|---|---|
| 1 | Ang Kamatayan at ang mga Bagay Kaugnay Rito | 5 |
| 2 | Ang Kamatayan | 7 |
| 3 | Ang Libingan | 11 |
| 4 | Ang Pagdating ng Huling Araw at ang mga Tanda Nito | 15 |
| 5 | Ang Impiyerno at ang Pagdurusa Rito | 25 |
| 6 | Ang Katangiang ng Paraiso | 28 |

# Mga Daglat

**SAS:** **Sallallahu Alayhi wa Sallam (Ang biyaya at pagbati ni Allah ay sumakanya).** Ito ay binibigkas sa tuwing binabanggit ang pangalan o mga titulo ni Propeta Muhammad bilang paggalang sa kanya.

**AS:** **Alayhis Salam (Sumakanya ang kapayapaan).** Ito ay binibigkas sa tuwing binabanggit ang pangalan o titulo ng mga propetang nauna kay Propeta Muhammad (SAS) bilang paggalang sa kanila.

**RA:** **Radiyallahu Anhu (Kalugdan siya ni Allah).** Ito ay binibigkas sa tuwing binabanggit ang pangalan o titulo ng lalaking kasamahan ni Propeta Muhammad (SAS) bilang paggalang sa kaniya. **Radiyallahu Anha** naman ang binibigkas kung ang tinutukoy ay ang asawa ni Propeta Muhammad (SAS) o ang babaeng kasamahan niya.

# Ang Kamatayan at ang mga Bagay Kaugnay Rito

Ang papuri ay kay Allah. Pagpapala at pagbati sa pinakadakila sa lahat ng mga Propeta at mga Sugo at sa kanyang mga kasambahay at mga kasamahan.

Kabilang sa anim na haligi ng pananampalataya ay ang paniniwala sa huling araw. Kaya ang isang tao ay hindi magiging tunay na mananampalataya hanggang hindi siya sumasampalataya sa nasasaad sa aklat ni Allah at sa mga Hadith (sinabi ng Sugo (SAS)) hinggil sa araw na ito. Ang kabatiran sa araw na ito at ang madalas na paggunita nito ay mahalaga sapagkat ito ay may malaking impluwensiya sa pagiging mabuti ng kaluluwa ng tao, sa pagkakaroon nito ng takot kay Allah, at sa pamumuhay nito ng matuwid alinsunod sa Islam. Ang nagpapatigas sa puso at nagbubunsod dito na maging mapusok sa paggawa ng mga pagsuway kay Allah ay ang di-pagbibigay-pansin sa paggunita sa araw na ito, sa mga kakila-kilabot na bagay sa araw na ito, at sa mga matinding kapighatian sa araw na ito na ang sabi ni Allah hinggil dito ay: ***"Gagawing ubanin ng araw na ito ang mga bata."*** (73:17) Ang sabi pa Niya: ***"O sangkatauhan, matakot kayo sa inyong Panginoon!***

***Ang lindol sa oras ng pagdating ng paghuhukom ay kakilakilabot na bagay. Sa araw na inyong makikitang makakalimutan ng bawat nagpapasuso ang kanyang pinasuso at mailalaglag ng bawat may dinadala sa sinapupunan ang kanyang dinadala at iyong makikita ang mga tao na animo'y mga lasing samantalang hindi naman sila lasing ngunit dahil sa tindi ng parusa ni Allah."*** (22:1-2)

Kabilang sa mga paksang tatalakayin ay ang hinggil sa kamatayan, sa mga bagay na nangyayari bago ang kamatayan, sa mga tanda ng pagdating ng oras ng paghuhukom, at sa matatamong pagdurusa at kaginhawahan ng tao sa Barzakh (ang buhay sa libingan) pagkatapos mamatay. Tatalakayin din dito ang tungkol sa katapusan ng mundo, pagkabuhay na muli, pagtitipon sa mga tao sa araw ng paghuhukom upang panagutin, at mga kahila-hilakbot na mga bagay na mangyayari sa mga tao sa araw na iyon. Pagkatapos niyon ay tatalakayin ang paghahati sa mga taong papupuntahin sa paraiso o sa impiyerno. At sa katapusan ay tatalakayin ang kaginhawahan sa paraisong ipagkakaloob sa mga maliligtas at ang pagdurusa sa impiyernong ipagkakaloob sa mga di-maliligtas.

## Ang Kamatayan

1. Ang kamatayan ang katapusan ng lahat ng may buhay. Ang sabi ni Allah: ***"Ang lahat ng nilalang ay makatitikim ng kamatayan."*** (3:185) Ang sabi pa Niya: ***"Ang lahat ng nasa lupa ay malilipol."*** (55:26) Ang sabi pa ni Allah sa kanyang Sugo (SAS): ***"Tunay na ikaw ay mamatay at sila ay mamatay rin."*** (39:30) Kaya walang mortal na mabubuhay magpakailan man sa mundong ito. Ang sabi ni Allah: ***"Walang tao na nauna sa iyo na pinagkalooban namin ng buhay na walang hanggan."*** (21:34) Ang kamatayan ay tiyak, hindi mapasusubalian. Ngunit sa kabila nito, ang karamihan sa mga tao ay pabaya sa katotohanang ito. Kaya kailangang laging alalahanin ng isang Muslim ang kamatayan at paghandaan ito. Kailangan ding ihanda niya ang kanyang sarili para sa kabilang buhay dito pa lamang sa lupa bago maging huli ang lahat. Nasabi ng Sugo (SAS) na: **"Pakinabangan ninyo ang limang ito bago dumating ang limang iyon: ang iyong buhay bago dumating ang iyong kamatayan, ang iyong kalusugan bago dumating ang iyong karamdaman, ang panahon na wala kang ginagawa bago dumating ang iyong pagkakaabalahan, ang**

**iyong kabataan bago dumating ang iyong katandaan, at ang iyong yaman bago dumating ang iyong karukhaan."** Dapat mong malaman na ang patay ay walang madadalang anumang makamundong pag-aari. Ang matitira lamang sa kanya ay ang mabubuti o masama niyang gawa. Kaya maging masigasig kang magbaon ng mabuting gawa na ikagagalak mo at sa pamamagitan nito'y maliligtas ka sa kaparusahan kung ipahihintulot ni Allah.

2. Dapat mong malaman na ang takdang oras ng tao ay di-malinaw at walang ibang nakaaalam kundi si Allah lamang. Kaya walang sino man ang nakaaalam kung kailan at saan siya mamamatay sapagkat ito ay bagay na lihim at tanging si Allah lamang ang nakaaalam.

3. Kapag dumating ang kamatayan, hindi mo ito maitataboy o maipapagpaliban o matatakasan. Ang sabi ni Allah: ***"At ang bawat bansa ay may taning; kaya kapag dumating ang kanilang taning, hindi nila ito maipapagpaliban ng isang saglit at hindi rin mapapaaga."*** (7:34)

4. Kapag dumating na ang kamatayan sa mananampalataya, pupuntahan siya ng anghel ng kamatayan na nasa magandang anyo at may mabangong

amoy, kasama ng mga anghel ng awa na magpaparating sa kanya ng magandang balita ng pagpasok sa paraiso. Ang sabi ni Allah: ***"Ang mga nagsasabi na ang aming Panginoon ay si Allah at nagpapakatuwid ay binababaan ng mga anghel [sa oras ng kanilang kamatayan upang magsabi sa kanila], 'Huwag kayong matakot at huwag kayong malungkot! Tanggapin ninyo ang magandang balita ng [pagpasok sa] paraiso na ipinangako sa inyo noon.'"*** (41:30) Kapag namatay naman ang di-mananampalataya, pupuntahan siya ng anghel ng kamatayan na may nakatatakot na anyo, maitim ang mukha at mabaho ang damit, kasama ng mga anghel ng parusa na magbabalita sa kanya ng pagdurusang tatamuhin niya. Ang sabi ni Allah: ***"At kung makikita mo lamang kapag ang mga makasalanan (na di-mananampalataya) ay naghihingalo samantalang inaabot ng mga anghel ang kanilang mga kamay (at sinasabing), 'Ilabas ninyo ang inyong mga kaluluwa; ngayon ay parurusahan kayo ng parusang kahihiyan dahil sa sinasabi ninyong hindi totoo hinggil kay Allah at sa pagtanggi ninyong may halong pagmamalaki sa Kanyang mga Ayah.'"*** (6:93) Ang kahulugan ng ***ayah*** ay kapahayagan, patunay, patotoo,

at tanda tungkol sa Lumalang sa atin. Pagdating ng kamatayan ay mabubunyag ang katotohanan at magiging malinaw na ang lahat sa bawat tao. Ang sabi ni Allah: ***"Nang dumating ang kamatayan sa isa sa kanila ay sasabihin nito, 'Panginoon ko, pabalikin mo po ako nang sa gayon ay makagawa ako ng kabutihan sa naiwan ko!' Hindi! Ito ay salitang sabi lamang niya. At ang naghihintay sa kanila ay Barzakh (ang buhay sa libingan) hanggang sa araw na sila ay muling bubuhayin."*** (23:99-100) Kaya pagdating ng kamatayan ay hahangarin ng di-mananampalataya at makasalanan na muling mabuhay upang gumawa ng mga mabubuting gawa ngunit wala nang magagawa ang pagsisi kapag huli na ang lahat. Ang sabi ni Allah: ***"At makikita mo ang mga gumawa ng kasamaan nang makita nila ang kaparusahan ay sasabihin nilang, 'Wala bang daan pabalik (sa mundo)?'"*** (42:44)

5. Bahagi ng habag ni Allah sa kanyang mga lingkod na ang sinumang ang huling salita bago mamatay ay "**La ilaha illallah**" (Walang tunay na Diyos kundi si Allah), siya ay makapapasok sa paraiso. Ang sabi ng Sugo ni Allah (SAS): "**Ang sinumang ang huling salita ay "La ilaha illallah", siya ay makapapasok sa**

**paraiso."** Ito ay sapagkat hindi magagawang sabihin ng isang tao ang mga katagang ito sa maselang sandaling iyon ng paghihingalo kung hindi siya tapat na naniniwala rito. Ang hindi naniniwala nang tapat sa mga katagang ito ay malilimutang sabihin ang mga katagang ito dahil sa katindihan ng kanyang paghihingalo. Kaya dahil dito, itinatagubilin sa taong pupunta sa naghihingalo na ipabigkas ang "**La ilaha illallah.**"

## Ang Libingan

Ang sabi ng Sugo (SAS): "**Kapag inalagay na ang tao sa libingan at iniwan na ng mga nakipaglibing sa kanya, maririnig niya ang yabag ng kanilang sapin sa paa. Pupuntahan siya ng dalawang anghel at siya ay pauupuin at saka sasabihin sa kanya, 'Ano ang sinasabi mo noon sa lalaking ito (Muhammad)?' Ang isang mananampalataya ay magsasabing, 'Ako ay sumasaksing siya (Muhammad) ay lingkod at Sugo ni Allah.' Sasabihin sa kanyang, 'Tingnan mo ang magiging tirahan mo sana sa impiyerno na pinalitan ni Allah ng tirahan sa paraiso. Kapwa ipakikita sa kanya ang dalawang tirahan. Sa**

**kabilang dako, ang sasabihin naman sa di-sumasampalataya o nagpapanggap na sumasampalataya, 'Ano ang sinasabi mo noon sa lalaking ito (Muhammad)?' 'Hindi ko alam, sinasabi ko noon ang sinasabi ng mga tao,' ang isasagot niya. Kaya sasabihin sa kanya, 'Hindi mo alam ngunit hindi mo sinunod ang nakaaalam.' Dahil dito, pupukpukin siya ng mga martilyong bakal at mapapasigaw siya ng sigaw na maririnig ng lahat (ng hayop) na malapit sa kanya ngunit hindi [maririnig] ng tao at jinn."**

Ang pagbabalik ng kaluluwa sa katawan sa loob ng libingan ay kabilang sa mga pinaniniwalaan hinggil sa kabilang buhay na hindi matalos ng isipan ng tao sa daigdig. Nagkaisa ang mga Muslim sa paniniwalang ang tao ay makararanas ng ginhawa sa kanyang libingan kung siya ay isang mananampalatayang karapatdapat lumasap ng ginhawa o pagdurusa kung karapatdapat siyang magdusa. Ang sabi ni Allah: ***"Ang apoy ang pagdadarangan sa kanila, sa umaga't gabi. At kapag dumating ang araw ng paghuhukom ay (sasabihin sa mga anghel), 'Papasukin ninyo ang mga kampon ni Paraon sa matinding parusa.'"*** (40:46) Ang sabi ng Sugo (SAS): **"Manalangin kayo kay Allah na ilayo**

**kayo sa pagdurusa sa libingan."** Ang paniniwalang ito ay hindi dapat pabulaanan ng may matinong pag-iisip sapagkat nakikita ng tao sa buhay dito sa mundo ang kahawig ng dinaranas ng nasa libingan. Ang natutulog ay maaaring makaramdam na siya ay pinarurusahan ng matinding parusa; naghihiyaw siya at humihingi ng saklolo ngunit hindi maramdaman iyon ng kanyang katabi. Ang parusa sa libingan ay kapwa sa kaluluwa at katawan. Nasabi ng Sugo (SAS) na: **"Ang libingan ang unang bahagi sa mga bahagi ng kabilang buhay; kaya kapag nakaligtas siya rito, mas madali na ang kasunod nito; kapag hindi siya nakaligtas dito, mas matindi ang kasunod nito."** Kung gayon, nararapat lamang na dalasan ang panalanging iligtas tayo sa parusa sa libingan, lalong-lalo na bago magsabi ng "Assalamu Alaykum wa Rahmatullah" sa Salah. Ang panalanging ito bago magsabi ng "Assalamu Alaykum wa Rahmatullah" ay: **"Allahumma innee a'oodhu bika min adhabi jahannama wa min adhabil qabri wa min fitnatil mahya wal mamati wa min fitnatil maseehid dajjal."** (O Allah, ako po ay nagpapakupkop sa Iyo laban sa pagdurusa sa impiyerno at sa pagdurusa sa libingan at sa tukso ng buhay at kamatayan at sa tukso

ng bulaang Kristo.) Dapat ding maging masigasig sa paglayo sa kasalanan na siyang unang dahilan kung bakit pinarurusahan ang tao sa libingan at sa impiyerno. Tinatawag itong parusa sa libingan dahil ang karamihan sa mga tao ay inililibing. Magkagayon pa man, kung hindi nailibing ang isang tao dahil nalunod o nasunog o nakain ng mabangis na hayop o maging ano pa man ang sanhi ng pagkamatay, ang patay ay pinagdurusa o pinalalasap ng kaginhawahan sa Barzakh (tulad ng nalibing sa libingan). Ang parusa sa libingan ay sari-sari gaya ng pagpukpok ng martilyong yari sa bakal o iba pang bagay. Maaari ring balutin ng kadiliman ang libingan ng isang patay, gawan siya ng higaang yari sa apoy, at buksan sa kanyang harapan ang isang pinto ng impiyerno. Ang masagwa niyang gawa ay magpapakita sa kanya sa anyo ng isang lalaking pangit ang mukha na nakasuot ng damit na masangsang ang amoy at mananatiling kasama niya sa libingan. Ang pagdurusa ay magpapatuloy kung ang namatay ay isang di-mananampalataya o isang nagpapanggap na Muslim. Kung ang namatay ay isang mananampalatayang makasalanan, ang kanyang parusa ay dedepende na sa nagawa niyang mga kasalanan at maaari ding itigil ang kanyang parusa. Ang mabuting mananampalataya

naman ay lalasap ng kaginhawahan sa kanyang libingan na paluluwagin para sa kanya at pupunuin ng liwanag. Bubuksan para sa kanya ang isang pinto ng paraiso anupa't ang bango at halimuyak nito ay kanyang maaamoy. Bibigyan siya ng higaang buhat sa paraiso. Ang mga mabubuti niyang gawa ay magpapakita sa kanya sa anyo ng isang magandang lalaki na aaliw sa kanya sa kanyang libingan.

## Ang Pagdating ng Huling Araw at ang mga Tanda Nito

1. Hindi nilikha ni Allah ang daigdig upang manatili magpakailan man. Darating ang araw na ito ay magwawakas din. Ang araw na ito ay ang huling araw. Ito ay isang katotohanang di-mapag-aalinlanganan. Ang sabi ni Allah: ***"Tunay na ang huling araw ay hindi mapag-aalinlanganang darating."*** (40:59) Ang sabi pa Niya: ***"Ang sabi ng mga di-sumasampalataya, 'Hindi darating sa amin ang huling araw.' Sabihin mo, 'Aba'y hindi, isinusumpa ko sa aking Panginoon, tunay na darating sa inyo ang huling araw.'"*** (34:3) Ang huling araw ay nalalapit na tulad ng sabi ni Allah: *"Nalalapit na ang huling araw."* (54:1)

Ang sabi pa Niya: ***"Nalalapit na para sa mga tao ang oras ng pagsisiyasat sa kanila habang sila ay pabayang tumatalikod."*** (21:1) Ngunit ang pagiging malapit na ng araw ng paghuhukom ay hindi batay sa sukatan ng tao. Ito ay nakabatay sa karunungan ni Allah. Ang huling araw ay isang hiwagang bukod-tanging si Allah lamang ang nakababatid kung kailan ito magaganap. Hindi Niya ito ipinaalam sa kanino man sa Kanyang mga nilalang. Ang sabi Niya: ***"Tinatanong ka ng mga tao hinggil sa huling araw. Sabihin mo, 'Ang nakaaalam nito ay si Allah lamang.' Ano ang malay mo, baka malapit na ang huling araw."*** (33:63) Nabanggit ng Sugo (SAS) ang mga tandang nagpapahiwatig sa nalalapit na pagdating ng huling araw. Kabilang sa mga tanda nito ay ang pagdating ng bulaang Kristo (Al-Maseeh Ad-Dajjal). Ang paglitaw niya ay magdudulot ng malaking kaguluhan sa mga tao dahil bibigyan siya ni Allah ng kapangyarihang gumawa ng mga pambihirang bagay na ikalilinlang ng maraming mga tao. Halimbawa'y uutusan niya ang langit na umulan at ito ay uulan, uutusan niyang tumubo ang damo at ito ay tutubo. Nabanggit din ng Sugo (SAS) na ito ay kirat. Darating itong dala ang animo'y paraiso at impiyerno. Ang sinasabi niyang paraiso ay impiyerno at

ang sinasabi naman niyang impiyerno ay paraiso. Mananatili siya sa Lupa sa loob ng apat na pung araw. Ang unang araw ay katumbas ng isang taon, ang ikalawang araw ay katumbas ng isang buwan, ang ikatlong araw ay katumbas ng isang linggo, at ang nalalabing mga araw ay katumbas naman ng mga pangkaraniwang araw. Walang matitirang lugar sa daigdig na hindi niya pupuntahan maliban sa Makkah at Madinah. Ang isa rin sa mga tanda ng huling araw ay ang pagbaba ni Jesus na anak ni Maria (AS) sa puting minaret sa silangang bahagi ng Damascus sa oras ng Salah sa madaling araw. Magdadasal siya ng Salah ng madaling araw na kasama ng mga tao at pagkatapos ay hahanapin niya ang bulaang Kristo at kanya itong mapapatay. Ang isa pa sa mga tanda ng huling araw ay ang pagsikat ng araw sa kanluran. Kaya kapag nakita ito ng mga tao, mahihintakutan sila at mananampalataya na ngunit wala nang saysay ang kanilang pagsampalataya. Mayroon pang maraming ibang mga tanda ng pagdating ng huling araw.

2. Walang maaabutan ang huling araw kundi ang mga taong ubod ng sama. Iyan ay dahil magpapadala muna si Allah, bago dumating ang huling araw, ng banayad na hanging kikitil sa mga mananampalataya.

Kaya kapag nagpasya na si Allah na lipulin ang mga nilalang at wakasan ang daigdig, uutusan Niya lamang anghel na hipan ang tambuli. At kapag narinig ng mga tao ang tunog ng tambuli ay mamatay sila. Ang sabi ni Allah: ***"At hihipan ang tambuli kaya ang lahat ng nasa lupa at nasa langit ay mamatay maliban sa ninais ni Allah na (hindi mamatay)."*** (39:38) Magaganap ito sa araw ng biyernes. Pagkatapos niyon ay mamatay ang mga anghel at walang matitira kundi si Allah.

3. Ang buong katawan ng isang tao ay maglalaho at kakainin ng lupa maliban sa napakaliit na buto sa dulo ng gulugod (spinal cord). Ang mga katawan naman ng mga propeta at mga shaheed (taong namatay na nakikipaglaban alang-alang kay Allah) ay hindi kakainin ng lupa. At pagkatapos niyon ay magpapadala si Allah ng ulan at manunumbalik ang mga katawan ng mga tao. At kapag nagpasya na si Allah na buhayin ang mga tao ay bubuhayin muna Niya si Israfil, ang anghel na nakatalaga sa pag-ihip ng tambuli. Hihipan nito ang tambuli sa ikalawang pagkakataon at bubuhayin ni Allah ang lahat ng mga nilalang at magsisilabasan ang mga tao sa kanilang libingan. Lalabas silang mga nakayapak, mga hubad, at mga di-tuli. Ang sabi ni

Allah: *"At hihipan ang tambuli (sa ikalawang pagkakataon). Kaya sila, buhat sa kanilang mga libingan, ay dali-daling magsisilabasan papunta sa kanilang Panginoon."* (36:51) Ang sabi pa Niya: *"Sa araw na iyon sila ay mabilis na magsisilabasan sa libingan na para bagang nag-uunahang makarating sa hangganan. Mapagpakumbabang nakatungo ang mga mata -- sila'y lipos ng kahihiyan! Iyan ang araw na ipinangako sa kanila."* (70:43-44) Ang unang lalabas sa libingan ay ang ating Propetang si Muhammad (SAS) tulad na rin ng sabi niya. At pagkatapos nito ay dadalhin ang mga tao sa pook na pagtitipunan sa kanila. Ang pook na ito ay malapad at malawak. Ang mga di-mananampalataya ay palalakarin sa pamamagitan ng kanilang mga mukha. (Ang Sugo (SAS) ay tinanong kung papaano silang makalalakad sa pamamagitan ng kanilang mukha. Ang sagot naman niya: **"Ang nagpalakad sa kanila sa pamamagitan ng kanilang mga paa ay magagawa silang palakarin sa pamamagitan ng kanilang mga mukha."**) Ang tumalikod sa paggunita kay Allah ay bubuhaying muli na isang bulag. Lalapit ang araw sa mga tao. At ang dami ng pawis ng isang tao ay ayon sa kanyang mga kasamaang nagawa. Mayroon sa kanilang ang pawis ay

aabot sa bukong-bukong, mayroon sa kanilang hanggang sa baywang, at mayroon sa kanilang ang pawis ay halos umabot na sa ilong. May mga taong pasisilungin ni Allah sa Kanyang lilim sa araw na walang ibang lilim kundi ang kanyang lilim. (Ang sabi ng Sugo (SAS): **"May pitong uri ng mga tao ang pasisilungin ni Allah sa kanyang lilim sa araw na walang ibang lilim kundi ang Kanyang lilim: pinunong makatarungan; binatang lumaki sa pagsunod kay Allah; lalaking nahumaling ang puso sa mga masjid; dalawang lalaking nagmamahalan dahil kay Allah, nagkikita dahil sa Kanya at naghihiwalay dahil sa Kanya; lalaking tinukso ng isang babaeng may mataas na kalagayan at ganda at ang itinugon dito'y, '(Hindi ko magagawa ang nais mo sapagkat) natatakot ako kay Allah'; lalaking nagbigay ng kawanggawa nang palihim anupa't hindi nalalaman ng kanyang kaliwang kamay ang ginugol ng kanyang kanang kamay; at lalaking sa kanyang pag-iisa ay lumuha ang mga mata ng kanyang maalaala si Allah."** Ang mga nabanggit na ito ay hindi lamang ukol para sa lalaki datapuwa't ukol din para sa mga babae. Pananagutin din ang babae sa mga ginawa niya -- kung mabuti ang

kanyang mga nagawa ay mabuti rin ang gantimpala at kung masama ang kanyang mga nagawa ay masama rin ang gantimpala. Ang kanyang gantimpala at pananagutan ay gaya ng sa lalaki.) Titindi ang uhaw sa lahat ng mga tao sa araw na iyon na ang haba ay katumabas ng limampung libong taon ngunit para sa mga sumampalataya ang araw na iyon ay kasingtagal lamang ng pagsagawa ng Salah. Ang mga Muslim ay pupunta sa lawa ng Propeta (SAS) upang uminom doon. (Ang lawa ay isang malaking pagpaparangal na tanging sa ating Propeta (SAS) lamang ipinagkaloob. Iinom doon ang kanyang mga tagasunod sa araw ng pagkabuhay na muli. Ang tubig nito ay mas matindi ang kaputian kaysa gatas, higit na matamis kaysa pulut-pukyutan, ang amoy nito ay mas mabango pa kaysa musk, at ang mga panalok dito ay kasindami ng bilang ng mga bituin sa langit. Ang sinumang uminom dito ng isang ulit ay hindi na mauuhaw magpakailan man.) Mananatili ang mga tao sa pook na pinag-ipunan sa kanila sa loob ng mahabang panahon habang naghihintay ng kanilang hatol at pagsisiyasat. Kapag nagtagal na ang kanilang pagtayo at paghihintay, habang sila ay nagdaranas ng matinding hirap at init ng araw, maghahanap sila ng mamagitan sa kanila kay

Allah upang hilingin nang ibaba ang hatol sa mga tao. Pupuntahan nila si Adam (AS) ngunit ito ay hihingi ng paumanhin na hindi siya maaaring mamagitan. Pupuntahan nila si Nooh (AS) ngunit ito ay hihingi rin ng paumanhin. Pupuntahan nila si Ibrahim (AS) ngunit ito ay hihingi rin ng paumanhin. Pupuntahan nila si Moosa (AS) ngunit ito ay hihingi rin ng paumanhin. Pupuntahan nila si Jesus (AS) ngunit ito ay hihingi rin paumanhin. At saka nila pupuntahan si Muhammad (SAS) at sasabihin nitong: "Ako ang mamamagitan." Magpapatirapa siya sa ilalim ng trono at pupurihin si Allah ayon sa mga papuring ikakasi Nito sa kanya sa sandaling iyon. At sasabihin sa kanya: "O Muhammad, itaas mo ang iyong ulo; humiling ka at ipagkakaloob sa iyo; mamagitan ka at tatanggapin ang iyong pamamagitan. Matapos mamagitan ang Sugo (SAS), ipahihintulot na ni Allah na simulan ang hatol at pagsisiyasat. Ang mga tagasunod ng Sugo (SAS) ang unang sisiyasatin. Ang unang itatanong sa mga nagawa ng tao ay ang kanyang pagsagawa ng Salah. Kung naging wasto at katanggap-tanggap ang kanyang pagsagawa ng Salah, sisiyasatin ang kanyang mga gawa. At kung hindi tanggap ang kanyang Salah, hindi na sisiyasatin ang kanyang mga gawa. Tatanungin din

ang tao tungkol sa limang bagay: ang kanyang buhay kung papaano niyang ginugol, ang kanyang kabataan kung ano ang ginawa niya rito, ang kanyang kayamanan kung saan niya ito nakuha at kung papaano niya itong ginugol, at ang kanyang karunungan kung ano ang ginawa niya rito. Ang unang hahatulan sa mga tao ay ang kasalanang may kinalaman sa pagpatay. Ang kabayaran sa nabanggit na kasalanan ay ang mga Hasanah (nagawang mabuti) at ang mga Sayyi-ah (nagawang masama). Kaya ang Hasanah ng nakapatay ay ibibigay sa kanyang napatay. At kapag naubos na ang kanyang mga Hasanah ngunit kulang pang pambayad, ang mga Sayyi-ah ng taong kanyang napatay ay ililipat sa kanya bilang kabayaran niya.

Pagkatapos ng pagsisyasat ay itatayo ang Sirat. (Ang Sirat ay isang daang manipis pa sa buhok at matalas pa sa espada na itatayo sa ibabaw ng impiyerno.) Ang bilis ng pagdaan ng mga tao sa Sirat ay batay sa kanilang gawa. Mayroon sa kanilang daraan na kasingbilis ng kisap-mata, ang iba ay kasingbilis ng hangin, at ang iba naman ay kasingbilis ng mga matutuling kabayo. Mayroon ding magsisigapang. Mayroong mga kawit sa Sirat na susungkit sa mga tao at ang mga nasungkit ay itatapon sa impiyerno. Ang

mga di-mananampalatayang tumatawid ay magsisilaglagan. May mahuhulog ding mga makasalanang mananampalatayang kapag ginusto ni Allah. Ang mga di-mananampalataya ay mananatili magpakailanman sa impiyerno ngunit ang mga makasalanang mananampalataya ay parurusahan lamang doon hanggang gusto ni Allah at saka hahanguin para ipasok sa paraiso. May mga propeta, mga sugo, at mga mabubuting tao na pahihintulutan ni Allah na mamagitan para hanguin sa impiyerno ang ibang mga makasalanang mananampalataya. Ang mga tumatawid sa Sirat na mga taga-paraiso ay titigil sa tulay na nasa pagitan ng paraiso at impiyerno upang magsingilan sa mga pagkakasalang nagawa nila sa isa't isa. Kaya hindi kaagad makapapasok sa paraiso ang isang taong may pagkakasala sa kanyang kapatid sa pananampalataya hanggang hindi siya nakapagbabayad dito at hanggang hindi sila nasisiyahan sa isa't isa. At kapag pumasok na ang mga taga-paraiso sa paraiso at pumasok na rin ang mga taga-impiyerno sa impiyerno, dadalhin ang kamatayan sa anyong lalaking tupa, sa pagitan ng paraiso at impiyerno at kakatayin doon habang ang mga taga-paraiso at taga-impiyerno ay nanunuod. Pagkatapos nito ay sasabihing: "O mga taga-paraiso,

sumainyo ang buhay na walang hanggan sapagkat wala nang kamatayan; o mga taga-impiyerno, sumainyo ang buhay na walang hanggan sapagkat wala nang kamatayan." Kaya kung may isang mamatay sa galak, namatay na sana sa galak ang mga taga-paraiso. At kung may isang mamatay sa hinagpis, namatay na sana sa hinagpis ang mga taga-impiyerno.

## Ang Impiyerno at ang Pagdurusa Rito

Ang sabi ni Allah: ***"Katakutan ninyo ang impiyerno, na ang panggatong ay mga tao at mga bato, na inihanda para sa mga di-sumasampalataya."*** (2:24) Ayon sa isang Hadeeth, ito ang sabi ng Sugo (SAS) sa kanyang mga kasamahan: **"Ang init ng inyong apoy na inyong pinaririkit (dito) sa lupa ay ikapitumpung bahagi lamang ng init ng apoy ng impiyerno." "O Sugo ni Allah, Ang init ng apoy (dito sa lupa) ay sapat na para (magpahirap)," sabi naman nila. Ang sabi naman niya: "Ang init ng apoy sa impiyerno ay nakahihigit ng anim na pu't siyam na bahagi kaysa init ng apoy sa lupa at ang bawat bahagi nito ay kasing init ng apoy sa lupa."** Ang impiyerno ay may

pitong antas na ang bawat antas ay mas matindi ang pasakit na naidudulot kaysa ibang antas. Ang bawat antas ay tatahanan ng mga tao ayon sa kanilang ginawa. At ang mga nagpanggap na Muslim ay mananahan sa pinakamababang antas ng impiyerno na siyang pinakamatindi ang pasakit. Ang pagdurusa sa impiyerno ng mga di-mananampalataya ay walang katapusan at hindi titigil. Sa tuwing masusunog ang kanilang katawan, muli itong panunumbalikin para sa karagdagang parusa na naman. Ang sabi ni Allah: ***"Sa tuwing masusunog ang kanilang mga balat, papalitan namin iyon ng panibagong balat upang lalo nilang malasap ang pahirap."*** (4:56) Ang sabi pa Niya: ***"Ngunit ang mga di-sumasampalataya ay mapapasakanila ang apoy ng impiyerno na hindi pupuksa sa kanila upang sila ay tuluyang mamatay. Hindi rin pagagaanin ang pahirap nitong dulot sa kanila. Gayon namin gagantimpalaan ang nagmamatigas sumampalataya."*** (35:36) Lalagyan sila roon ng tanikala at igagapos ang kanilang mga leeg. Ang sabi ni Allah: ***"At iyong makikita ang mga salarin, sa araw na iyon, na sama-samang nakagapos ng mga tanikala. Ang kanilang kasuutan ay gawa sa alkitran at ang kanilang mga mukha ay***

***tinatakpan ng apoy."*** (14:49-50) Ang mga salaring tinutukoy rito ay ang mga kriminal, di-mananampalataya sa kaisahan ni Allah, pagano, suwail kay Allah, at iba pa. Ang pagkain ng mga mapupunta sa impiyerno ay ang kakila-kilabot na punong kahoy na kung tawagin ay Zaqqoom. Ito ang sabi ni Allah tungkol sa kahoy na ito: ***"Tunay na ang punong Zaqqoom ang magiging pagkain ng mga makasalanan. Ito ay parang latak ng langis na itim na kukulo sa loob ng mga tiyan, tulad ng pagkulo ng mainit na tubig."*** (44:43-46) Ang sabi ng Sugo (SAS): **"Kung may isang patak lamang buhat sa Zaqqoom ang papatak sa lupa, masisira ang pamumuhay ng mga naninirahan sa lupa. Kaya papaano na lamang ang mangyayari sa tao kung ito ang kanyang pagkain."** May isang sanaysay buhat sa Sugo (SAS) na siyang magbibigay-linaw kung gaano kabigat ang pagdurusa sa impiyerno at gaano katindi ang kaginhawahan sa paraiso. Ayon sa sanaysay, ang di-mananampalataya na pinakamaginhawa ang buhay sa daigdig ay dadalhin sa impiyerno. Ilulubog siya dito ng isang beses at hahanguin din kaagad at saka sasabihin sa kanya: "Nakaranas ka na ba ng kaginhawahan noon?" "Hindi. Kailanman ay hindi pa ako nakatikim ng

kaginhawahan," ang itutugon niya. Sa isang dagliang lubluban lamang sa impiyerno ay nakalimutan na niya ang lahat ng kaginhawahan at kariwasaan na kanyang nalasap sa lupa. Ang mananampalatayang may pinakamiserableng pamumuhay sa daigdig ay dadalhin sa paraiso. Ipapasok siya dito at kaagad ding ilalabas at saka sasabihin sa kanya: "Nakaranas ka na ba noon ng miserableng pamumuhay?" "Hindi. Kailanman ay hindi pa ako nakaranas ng misersbleng pamumuhay at paghihirap." Sa panandaliang pagpasok lamang sa Paraiso ay nakalimutan na niya ang lahat ng dinanas niyang kamiserablehan gaya ng karukhaan at kalungkutan.

## Ang Katangiang ng Paraiso

Ang Paraiso ay tahanan ng buhay na walang hanggan at kaligayahan para sa mga mabubuting lingkod ni Allah. Matatagpuan dito ang kaginhawahang hindi pa nakita ng mata, hindi pa narinig ng tainga, at hindi pa sumagi sa isip ng tao. Ang sabi nga ni Allah: ***"Walang taong nakaaalam kung anong kagalakan ang itinago para sa kanila bilang gantimpala sa mga ginawa nila noon."*** (32:17) Ang paraiso ay binubuo

ng mga antas. Magkakaiba ang kalagayan ng mga mananampalataya roon at iyon ay ayon sa kanilang nagawa sa daigdig. Ang sabi ni Allah: ***"Itataas ni Allah ang mga antas ng mga sumasampalataya sa inyo at ng mga napagkalooban ng karunungan. At batid ni Allah ang mga ginagawa ninyo."*** (58:11) Kakainin at iinumin nila roon ang minimithi ng kanilang mga sarili. Doon ay may mga ilog na di-nagbabago ang lasa at amoy ng tubig, mga ilog ng gatas na hindi nagbabago ang lasa, may mga ilog ng dalisay na pulut-pukyutan, at mga ilog ng alak na masarap inumin na hindi katulad ng alak dito sa lupa. Ang sabi ni Allah: ***"Paiikutin sa kanila ang tasa ng dalisay na alak, maputi, masarap para sa mga umiinom. Wala itong kapinsalaang idudulot at hindi ito makalalasing sa kanila."*** (37:45-47) Doon ay mag-aasawa sila ng mga naggagandahang dilag. Ang sabi ng Sugo (SAS): **"Kung may isang babaeng buhat sa paraiso ang susulyap sa mga naninirahan sa lupa, pupunuin niya ng liwanag at mababangong halimuyak ang nasa pagitan ng langit at lupa."** Magkagayon pa man, ang pinakadakilang kaligayahan ng mga maninirahan sa paraiso ay ang makita si Allah. Ang mga maninirahan sa paraiso ay hindi iihi, hindi dudumi, hindi sisipunin, at

hindi dudura. Ginto ang suklay nila at musk ang kanilang pawis. Ang kaligayahan nilang ito ay magpakailanman, hindi titigil at hindi mababawasan. Ang sabi ng Sugo (SAW): **"Ang sinumang papasok sa paraiso ay lalasap ng kaginhawahan, hindi magdaranas ng hirap ni pagsubok. Ang may pinakakaunting bahagi sa mga maninirahan sa paraiso ay ang kahuli-hulihang lalabas sa impiyerno na papasok sa paraiso. Ang bahagi niya sa paraiso ay mas mainam pa ng sampung ulit kaysa buong daigdig."**

Ang pagpapala at pagbati ni Allah ay mapasakay Muhammad at gayon din sa lahat ng kanyang mag-anak at mga kasamahan.

وصلى الله على نبينا محمد وعلى آله وصحبه وسلم......

©The Cooperative Office for Call, Guidance and Edification of Expatriates in Zulfi, 1994

***King Fahd National Library Cataloging-in-Publication Data***

Cooperative Office for Call, and Guidance, Zulfi

Ang Kabilang Buhay.

.... p., ... cm

ISBN: 9960-9024-4-7

1- Judgement day I- Title

0113/15 243 dc

**Legal Deposit no. 0113/15**
**ISBN : 9960-9024-4-7**

مطابع الحميضي
AL-HOMAIDHI PRESS · TEL : 4581000 · FAX : 4592217

# اليــــوم الآخـــــــــر

## باللغــة التـاجـالــوج

المكتب التعاوني للدعوة والإرشاد وتوعية الجاليات
بالعليا والسليمانية وشمال الرياض

تحت إشراف
وزارة الشؤون الإسلامية والأوقاف والدعوة والإرشاد

فلبيني
(تاجالوج)

# اليوم الآخر

إعداد
المكتب التعاوني للدعوة والإرشاد
وتوعية الجاليات بالزلفي

هاتف :٤٧٠٤٤٦٦ - ٤٧٠٥٢٢٢ ناسوخ :٤٧٠٥٠٩٤
ص.ب : ٨٧٩١٣ الرياض : ١١٦٥٢ المملكة العربية السعودية
شركة الراجحي المصرفية للاستثمار
حساب الصدقات ٥ / ٦٦٦٦ الورود (٣٤٩)
حساب الزكاة ٠ / ٦٥٥٥ الورود (٣٤٩)
حساب الوقف ٥ / ٩٥٥ المزرعة (٤٤٦)